



Hulyo 2020

Ako po si Jayson.

Habang nagtrabaho sa konstruksyon sa Pilipinas, nilapitan ako ng isang babae at nagtanong kung gusto kong pumunta sa Amerika. Ang sabi niya ay **wala akong gagastusin** sapagkat siya lahat ang bahala. **Ako naman ay nagtiwala** sapagkat kami ay nagkita sa Pilinas.

Pagkatapos niyang umalis ng Pilipinas, binayaran niya ang isang recruiter upang lakarin ang visa. **Tinuruan ako ng recruiter kung ano ang aking gagawin at sasabihim.** Sinabe ng recruiter sa akin na ang P-1 visa ay para sa mga manlalaro at madaling makakuha ng legal na working visa pag dating ko sa Amerika. **Na niwala naman ako sa mga kasinungalingan niya.**

Pag dating ko sa Amerika, sinalubong ako ng parehong babaeng nakilala ko noong nagtrabaho sa konstruksyon, and aking traffiker. **Hindi ako makapagsalita ng Ingles at hindi ko maunawaan ang aking mga karapatan kaya sinunod ko ang lahat ng pinagawa niya sa akin.** Una, kinuha niya yung pasaporte ko para daw itago. Pagkatapos, sinabe niya na **may utang akong \$12,000** at **kailangan kong magtrabaho sa kanya sa loob ng sampong taon.** Pinayagan niya akong magtrabaho sa kanya lamang at hindi sa ibang tao. **Sabi niya na dahil siya ang nagdala sa akin dito sa Amerika, ay pag-aari niya ako.**

Nag-umpisa akong magtrabaho sa kanya sa pasilidad ng pangaalaga ng mga matatanda, kung saan ko nakilala si Angela. Naunang dumating si Angela sa akin kaya **alam kong ginawa na ito ng aking trafficker sa ibang manggagawa.**

Noong una, hindi kami in Angela nag tiwala sa isa't isa, hanggang napangalaman namin na **pareho yung mga naransan naming kasinungalingan at pagbabanta ng aming trafficker.**

Sa pasilidad, **pinagtrabaho kami ni Angela ng 24 horas araw-araw, buong lingo ng walang pahinga.** Kami ay nagtrabaho buong araw at gabi. Hindi ako masyadong natutulog dahil sa sahig lang akong nakahiga, katabi ng mga matatandang pasyente na malubhang may sakit. Maliban sa pag aaruga ng pasyente, **pinagtrabaho din ako sa kontstruksyon at paghahardin sa pasilidad.**

Binarayan ako ng \$400 kada buwan at sabi ng trafficker na yung ibang ipinangakong suweldo sa akin ay ibinabayad sa utang ko sa visa. Hindi ako pinapayagang umalis ng pasilidad sa gabi o makipag usap sa mga kapit-bahay o miembro ng pamilya ng mga kliyente.

Nung dumating ang mga opisyaes sa pasilidad, pina tago kami ni Angela ng trafficker. Ako ay takot na takot lagi- palagi niyang sinasabi sa amin na **pwede kaming maaresto ng pulis.** Sabi rin niya na kung lumabas kami at nagtanong ang pulis, **ipagkakaila niya na nagtrabaho kami sa kanya.** At dahil wala akong papeles, ako ay natakot. Gayundin, wala rin akong ibang mapupuntahan kung gagawin niya iyon. Natatakot ako araw-araw.

Nagtrabaho ako ng ganito sa loob ng siyam na buwan. Makabagbag damdamin ang aking naramdaman, parating malungkot at nag-aalala. Akala ko ito na yung kapalaran kong hindi makalabas sa pasilidad o makita yung pamilya ko. Pakiramdam ko, ako ay nakakulong sa masamang panaginip at panay trabaho lang ang ginagawa ko.

Pagkalipas ng halos siyam na buwan, napansin ng isang kapit-bahay na wala kaming pahinga ni Angela sa pagtrabaho. Inulat ito ng kapit-bahay sa FBI, at mayamaya kinausap nila si Angela. Sinabi ni Angela na pakiramdam niya na maari kaming makakuha ng tulong at may nanoonod sa amin.

Sa wakas, naka alis din ako sa pasilidad sa kagitnaan ng gabi. Tinulungan ako ng FBI na makakuha ng supporta sa isang ahensya na kumuha sa akin at hinatid sa isang bahay kanlungan para sa mga kalalakihan.

Kung nabigyan sana ako ng sapat na impormasyon, ako ay hindi pupunta dito sa California. Ligtas sana ako kung alam ko lamang na hindi puedeng singilan yung visa para makapagtrabaho sa California. Ligtas sana ako kung nabigyan ako ng kontrata na magtrabaho at alam ko ang aking mga utang, kung lahat ng ito ay pinaliwanag **sa aking sariling wika ng Tagalog.**

Wala akong nakuhang impormasyon bago ako nagtungo sa California. Wala akong paraan upang maalam ito- wala akong paraan upang maging ligtas.

Iyon ang dahilan kung bakit ko ibinabahagi ang aking kuwento sa Freedom United at sa Coalition to Abolish Slavery and Trafficking (CAST) upang makatulong na maikalat ang kaalaman tungkol sa labor trafficking sa California.

Kaya supporta ako sa pag amyenda ng SB 477 upang masakop ang lahat ng kategorya ng visa. Para ma protektahan ang mga manggagawa katulad ko at ni Angela mula sa pagiging biktima ng human trafficking. Kung alam ko lang na nangyayari na ang ganito noon pa man bago ako lumuwas ng Amerika, nagpasiya sana ako kung ano ang tamang desisyon para sa akin. **Gusto kong magkaroon ng sapat ng kaalaman ang lahat ng manggagawa upang maprotektahan ang kanilang sarili.**

Samahan niyo ako sa pag-udyok sa California upang maseguro na lahat ng pansamantalang manggagawa ay ligtas sa trafficking. Sama-sama tayo, masisiguro natin na LAHAT ng pagsamantalang migranteng manggagawa ay protektado upang mapigilan natin sila sa abuso at sapilitang paggawa ng tulad ko.

<https://www.freedomunited.org/advocate/california-protect-workers/>